



Malabuhay!

ENERO, 2012

タガログ語版ニュース
発行: 静岡市国際交流協会
(SAME)

IMPORMASYON SA IBA'T-IBANG WIKANG 「SAME」



SAME Home Page
<http://www.samenet.jp/>
English, Chinese, Korean, Indonesian, Pilipino, Portuguese, Spanish, Vietnamese

- *Gabay sa Pamumuhay
- *Talaan ng Pag-aaral ng Nihongo
- *Talaang ng Manggagamot na Marunong ng Ibang Wika
- *Talaan ng Kapakipakinabang na telepono
- *Kultura, Kasanayan



Animation Site
SAME Web-TV
<http://www.same-web.com/>
I-click ang GAIKOKU NEWS para sa site sa iba't-ibang wika.

おしらせテレビ
-Impormasyon sa TV-
(Pinapalitan ang bali-tang impormasyon tuwing Huwebes)
http://www.same-web.com/oshirase_tv.html
*日本語 *English
*Portugues *Espanol
*中国語 *Pilipino
Mapapanood rin araw-araw sa: Shizuoka Dream Web Cable-TV



IMPORMASYON SA IBA'T-IBANG WIKANG MOBILE PHONE
IREHISTRO NATIN!!!
(sundan sa Pahina 3)

MAKIISA SA PAGTITIPID SA ELEKTRISIDAD AT ENERGY SAVING TUWING TAGLAMIG

冬の節電、省エネにご協力ください

Tuwing panahong ng taglamig, marami ang gumagamit ng elektrisidad dahil ang temperatura ay bumababa at ang daylight hours ay maiksi. Kaugnay sa mga nasalanta sa Great East Japan Earthquake, hindi pa rin maipagpatuloy ang operation sa nuclear power plant kahit tapos na ang maintenance nito sa buong Japan. Patuloy ang pag-aalala ng lahat sa kakulangan sa kuryente sa iba't-ibang area ng Japan. Hindi lamang ang nauukol sa elektrisidad kundi kailangan din nating i-check ang tama at mabisang paggamit sa energy.



■暖房(だんぼう)器具(きぐ) Heating appliances

Para sa mga gumagamit ng aircon sa kanilang tahanan, ugaliing linisin natin ang filter ng aircon 1 beses sa loob ng 2 linggo. Magdoble o magpatong tayo ng kasuotan tulad ng hizakake o lap blanket. Nakakabawas ito ng lamig. Mangyaring gumamit din ng kurtinang may makapal na tela upang makontrol nitong lumabas ang init sa loob ng kuwarta. Maglagay din ng thermometer sa loob ng tahanan upang makontrol at mabantayan natin ang humidity sa loob ng tahanan.

■照明(しょうめい) Lighting

Kung madumi ang cover o takip ng mga ilaw ay hihina ang liwanag nito, kaya't kailangang linisin o punasan ito palagi. Gumamit rin ng LED na ilawan. Ito ay matipid kumunsumo ng kuryente at mahabang panahon pwedeng gamitin. Kung magpapalit ng mga ilaw, mangyaring palitan ito ng mga energy saving type.

■保温 Keep Warm

Magpabalak ng tubig sa GASUKONRO o stove burner, ugaliing tanggalin sa saksak ang power source ng hot pot. Kung rice cooker ang gamit sa pagsasaing, mangyaring i-self-timer ito sa umaga na kokonti pa lamang ang gumagamit ng kuryente at pagsamahing lahat ang isasaing para sa isang araw. Palamigin maigi at i-keep ito sa refrigerator. Kung kakainin, painitin ito sa microwave. Kaunti lamang ang kunsumo nito sa kuryente.

Mayroon ding SETSUDEN PORTAL SITE o Electricity Saving Portal Website ang pamahalaan kung saan may mga nakalathalang pamamaraan at iba pang idea sa pagtitipid sa kuryente. Ang website ay sa Japanese lamang --- URL: <http://setsuden.go.jp/>

*** Mahalaga rin huwag ipagpilitan o bigyang limitasyon rin ang pagtitipid sa elektrisidad. Kung gagamit ng mga kagamitan na may kinalaman sa pagtitipid sa elektrisidad ay isaalang-alang pa rin ang pagpapahalaga sa ating kalusugan at kaligtasan o seguridad.



MALIGAYANG BAGONG TAON SA LAHAT!



辰年
2012

PAGHAHANDA SA LINDOL TOKAI

東海地震に備えて
(ワンポイント・アドバイス)

SERBISYO SA MENSAHE SA ORAS NG KALAMIDAD

災害時の伝言サービスについて



Kung sakali mang ang lindol ay umabot sa intensity 6 pataas, malamang na sa dami ng nais kumontak sa kanikanilang mga pamilya o kakilala upang alamin kung ligtas ang kanilang kalagayan o kondiyon ay magiging abala ang mga linya ng telepono at mahihirapang kumontak ang lahat sa nasalantaang lugar. Upang makaiwas sa ganitong situwasyon, ang NTT at 3 pang kompanya ng cellular phones (NTT Docomo Group, KDDI Group at Softbank) ay may laang serbisyo ukol sa mensahe sa telepono para sa oras ng mga disaster tulad ng Lindol Tokai.

Ang mga serbisyo ay ang mga sumusunod:

1. 「SAIGAI YOU DENGON DIAL (171)」 i-dial ang 171 sa telepono upang makapag-iwan ng mensahe sa pamamagitan ng telepono. Mayroong audio guidance na maririnig. Sundin lamang ang pamamaraang ituturo nito. Maaari kayong makapag-record ng mensahe o makinig ng mensahe para sa inyo.
2. 「SAIGAI YOU BROAD BAND DENGON BAN (WEB 171)」 Online message boards sa oras ng disaster. Web page na maaari kayong magrehistro ng inyong mensahe o magbrowse.
3. 「SAIGAI YOU DENGON BAN SERVICE」 Sa oras ng disaster, maaari kayong magrehistro o magbrowse ng mga mensahe sa pamamagitan ng mga cellular phones o PHS.

Upang maging smooth ang paggamit ng naturang mga serbiyo ay kailangang alamin na rin muna natin ang mga telepono ng mga dapat nating tawagan sa oras ng mga kalamidad. Mas mainam rin na bago pa lamang magkaroon ng kalamidad ay magsanay na tayong gumamit ng mga laang serbisyo.

Ang mga sumusunod ay ang mga panahong maaari kayong magsanay sa pamamaraan sa pag-iwan at pakikinig ng mga mensahe:

- 1 Bawa't unang araw ng buwan
- 2 Tuwing Enero 1~3, Enero 15-21 (Disaster Prevention and Volunteer Week)
- 3 Agosto 30-Setyembre 5 (Disaster Prevention Week).

Access:

- 1 SAIGAI YOU DENGON DIAL 171 → 171
- 2 SAIGAI YOU BROAD BAND DENGON BAN (web 171) → [https://www.web171.jp]
- 3 SAIGAI YOU DENGON BAN SERVICE → 「SAIGAI YOU DENGON BAN」ng mga cellular phones.

IMPORMASYONG EVENT SA SHIZUOKA CITY PARA SA BUWAN NG ENERO

1月の市内イベント情報

Narito ang 2 sa mga event para sa buwan ng Enero dito sa Shizuoka City

しょうぼうでぞめしき


(1)「消防出初式」 Parada ng mga fire brigades sa Bagong Taon

Tuwing bagong taon, ang lahat ng mga ay kinalaman sa fire-fighting ay nagsasagawa ng parade na kung tawagin ay SHOUBOU DEZOME SHIKI. Maraming nakabibighaning tampok na palabas tulad ng 63 trak ng bombero na nakahelera at sabaysabay na magpapabomba ng tubig o yung tinatawag na ISSEI HOSUI. Meron ding HASHIKO NORI o pag-akyat sa ladder at MADOI FURI, presentasyon ng isang tradisyonal na skill ng mga bombero. Mainam na pagkakataon ito upang mas madagdagan pa ang ating kaalaman ukol sa mga pag-iingat sa sunog. Petsa: Enero 18, Linggo; Mula 9:00 ng umaga
Lugar: Shimizu Port, Hinode Wharf, Shimizu District
Detalye: Shizuoka City KEIHOU KA-054-255-9705 (Japanese lamang)



(2)「石垣いちご狩り」 Strawberry Picking

Kilala rin ang Shizuoka Prefecture bilang production area ng strawberry. Ang kahabaang baybay ng karagatan ng Kuno na nasasakupan mula Suruga hanggang Shimizu District ay kilala bilang ICHIGO KAIGAI DOORI o strawberry seafront. Nakahelera dito ang mga vinyl house kung saan kinu-cultivate ang mga strawberry. Tiyak na magi-enjoy ang mula bata hanggang matanda sa strawberry picking. Panahon: Enero 1 (Linggo) hanggang Mayo 31 (Huwebes)
* Pebrero ang pinaka-crowded na buwan samantala, maraming farm naman ang nagsasara na simula pa lamang ng pasok ng Mayo.
Oras: 9:00 ng umaga hanggang 4:00 ng hapon
Lugar: Shizuoka City Kuno Ichigo Kaigan Doori (Suruga District)
Ang entrance fee sa farm at presyo ng strawberry ay depende sa growing condition ng mga strawberry. Kaya't mas mainam na tumawag muna kayo sa telepono bago magtungo doon.
Impormasyon: Shizuoka- Kuno Ichigo Gari Kumiai- 054-237-4720 (Japanese Lamang)



KONSULTASYON PARA SA MGA DAYUHAN

外国人住民のための生活相談

Ang Shizuoka City Association for Multicultural Exchange o SAME ay naglalaan ng pagpapayo para sa mga dayuhan naninirahan dito sa Shizuoka ukol sa pang-araw-araw na pamumuhay dito sa Japan. Mayroon ding pagpapayo ukol sa mga legal na karapatan at mga impormasyon ukol sa imigrasyon. Kung kinakailangan ang dalubhasang tagapayo, maaari itong ayusin o ipakilala kayo sa mga abogado o administrative scriveners. Ang pagpapayo ay sa iba't-ibang wika tulad ng Tagalog at Ingles.



Para sa iba pang impormasyon ay mangyaring makipag-ugnayan sa mga sumusunod:
SAME Shizuoka— 054-273-5931
SAME Shimizu— 054-354-2009

WORLD LANGUAGE & CULTURE FAIR 2012

世界のことばと文化を学ぼう受講生募集



Inaanyayahan ang lahat na sumali sa iba't-ibang pagkaklase ukol sa kaalaman sa iba't-ibang bansa. Magtuturo ng kanyang kultura at kasanayan kaugnay sa kanikanilang bansa ang ilang mga dayuhang naninirahan dito sa Shizuoka City.

Panahon ng pagtuturo: Pebrero 4 (Sabado) 2012
Oras: 10:30-16:30, 1 klase- 90 minuto (9 na pagkaklase)

Lugar: Shizuoka City Association for Multicultural Exchange (SAME) CCC 1F, 4-16, Aoi District, Shizuoka City
Tampok na pagkaklase:

10:30-12:00 —

1. Waku-waku Kids English — 10:30-11:10 (4-7 yrs old kasama ang guardian) / 11:15-12:00 (8-12 yrs old)
2. Daisuki... Nepal (Japanese)
3. Fascinating Russia (Japanese)
- 13:00-14:30
4. Korean CHIMACHOGORI (Japanese)
5. Riya's Life from England, India, Sri Lanka (English with Translator)
6. Latest information in Mongol (Japanese)
- 15:00-16:30
7. 100% German (Nihongo)
8. History and Music of Jamaica (English with translator)
9. Imadoki, Thailand's information (Japanese)

Detalye— <http://www.samenet.jp>

Matrikula: (1) 500 yen (bata)/ (2-9) 800 myembro ng SAME (junior high pataas), panglahatan- 1000 yen

Limitasyon: 20 katao sa 1 pagkaklase

Araw ng Pagpapatala: Mula 12/15 (Thurs) mula tanghali para sa mga kasapi lamang sa SAME.

Mula 12/26 (Mon), 9:00 am~ panglahatan.

Paraan ng Pagpapatala: Mangyaring tumawag sa SAME Main Office — 054-273-5931 (first come, first serve basis)

PAG-AARAL NG WIKANG HAPON/ SAME

外国人のための日本語講座

Ito ay 10 beses na pagkaklase para sa kapakanan ng mga dayuhang naninirahan o nagtatrabaho dito sa Shizuoka City. Ang pagkaklase sa NIHONGO ay Beginning 1 & 2.



Panahon ng Pag-aaral:

Enero 10- Marso 27, 2012 Tuwing

Martes (11 beses na pagkaklase, maliban sa 3/20)

Oras: 18:30-20:00 (1/10-2/28)

18:30-20:30 (3/6,13,27)

Lugar: SAME Meeting Room 1 and lounge, 1F CCC, Otemachi 4-16, Aoi-ku, Shizuoka City.

Tagapagturo: Beginner Class I - Ms. Mitsuyo Shimomura
Beginner Class II — Ms. Noriko Tanabe

Limitasyon: Hanggang 15 mag-aaral sa 1 klase.

Matrikula: ¥4,000 yen (11 beses na pagkaklase)

Aklat: ¥2,625— MINNA NO NIHONGGO SHOKYU 1 & 2
Tagapagtaguyod: SAME (Shizuoka City Association for Multicultural Exchange)

Pagpapatala: Sa telepono, e-mail, fax o magtungo sa SAME.

Impormasyon: SAME-Shizuoka c/o Ms. Watanabe
SAME Address: CCC 1F, 4-16 Ote-machi, Aoi-ku, Shizuoka City, 420-0853

Tel: 054-273-5931 / Fax: 054-273-6474

E-mail: junkow@samenet.jp Website: www.samenet.jp

“SAMEMO”

IMPORMASYON SA IBA'T IBANG WIKA SA MOBILE PHONE IREHISTRO NATIN!!!

多言語携帯メール “SAMEMO” 登録しよう

Inaanyayahan ang lahat na irehistro ang TAGENKO KEITAI MAIL o iba't-ibang wika sa mobile phone mail na kung tawagin ay “SAMEMO”. Kapag kayo ay nagpaparehistro ay padadalhan kayo ng mga impormasyon ukol sa pang-araw-araw na pamumuhay at gabay sa oras ng mga disaster. Ang mga laang wika na maaari kayong mamili ay wikang English, Chinese, Tagalog, Portugal, Spanish, Indonesian, Vietnam, at madaling intindiing Japanese.

Pamamaraan sa pagpaparehistro (Pumili sa (1) o (2))
(1) Maaari kayong magpadala ng blank e-mail directa sa tag@samemo.jp

(2) Sa kanang bahagi naman ay ang QR code. Itapat lamang ang mobile phone camera na may bar code reader dito at diretso na kayong ihatid sa site. I-klik ang e-mail address na nakatala sa site para sa nais ninyong wika at magpadala ng blank e-mail.

Mula sa office@samemo.jp ay makakatanggap kayo ng mensahe na kayo ay nakarehistro na.

※1. Libre ang pagpaparehistro

※2. Ang mga mensahe ay magmumula sa office@samemo.jp. Hindi maipapadala ang mga mensahe kung nasa rejection mode ang inyong mobile phone kaya't mangyaring ayusin lamang ang inyong setting upang maipadala sa inyo ang mga impormasyon.



PHILIPPINE NAKAMA SHINENKAI 2012 & INDUCTION CEREMONY OF NEW MEMBERS

フィリピンNAKAMA 新年会2012

A potluck lunch gathering... everyone is welcome to have fun with us!

Date: February 12, 2012

Time: 13:00~14:30

Place: 3F Music Hall, Aicel 21, Kusabuka-cho, Shizuoka City

Fee: Free

Miscellaneous: Please bring some food or drinks to share with everyone.

Organizer: Philippine NAKAMA Organization

Information: Melinda, Precy, Liza, Amie, Jo & Ana

URL: <http://www.freewebs.com.philnakama>